



Suporta para sa mga magulang at mga bata mula sa ibang bansa

SenTIA Counseling Desk sa Suporta para sa mga Batang may Konekta sa Banyagang Bansa (Tel. 022-268-6260)

Kapag ang isang bata na may konekta sa isang banyagang bansa ay papasok o lilipat sa isang paaralan sa Sendai City, ipapadala ang tagapag-ugnay o interpreter upang magbigay ng payo tungkol sa mga pamamaraan, buhay sa paaralan at pag-aaral.

Sa mga paaralan kung saan papasok ang mag-aaral, mag-aalok kami ng payo para sa pagtanggap at magpapahiram ng mga materyales na magagamit sa pag-aaral ng wikang Hapon at pati na rin mga materyal sa pagtuturo ng wikang banyaga.

Address: 6F Higashi Nihon Fudousan Sendai Ichibancho Building, Ichibancho, 3-3-20 Aoba-ku, Sendai City

Araw at oras: Lunes ~ Biyernes 9:00 ~ 17:30

Pakikipag-Kooperasyon sa pagpapadala ng mga tagataguyod para sa mga banyagang kabataan

Ang Board of Education ng Sendai City ay nagpapadala ng mga boluntaryo para sa mga estudyante na nag-aaral sa elementarya at junior high school na nangangailangan ng kasanayan sa wikang Hapon. Sasamahan ng mga boluntaryo ang mga dayuhang bata sa loob ng silid-aralan sa pag-aaral, at nagbibigay rin ng suporta sa mga aralin na itinituro sa wikang Hapon hanggang sa masanay ang bata sa paaralan.

Isang oras na suporta ay 2 oras, at maaring gamitin hanggang 30 beses.

Application: Una ay mangyaring kumunsulta sa guro ng paaralan.

* Kung gagamitin mo ang "MIA non-Japanese child supporter dispatch", maaaring madagdagan pa ng hanggang 10 beses.

MIA Foreign Children Support Center (sa loob ng Miyagi International Association, Tel. 022-275-3796)

Bukod sa pagpapadala ng mga tagasuporta para sa pag-aaral ng wikang Hapon at pag-aaral ng paksa sa mga paaralan para sa mga bata ng dayuhang nasyonalidad, isinasagawa rin ang pagpapahiram ng mga materyales sa pagtuturo ng Hapon, mga materyales sa pagtuturo, pagtugon sa mga konsultasyon sa pagpasok / pag-unlad, atbp.

Address: 7F Miyagi Prefectural Joint Government Building in Sendai, 4-17 Tsutsumi-Amamiya-cho, Aoba-ku, Sendai City

Mga oras ng reception: Lunes ~ Biyernes 8:30 ~ 17:15

Consultation Counter & Interpretation Support, Sentro sa Sari-saring Kultura ng Sendai (Tel. 022-224-1919)

Kung hindi mo mabasa ang mga dokumentong ibinigay sa paaralan, mayroong gustong itanong sa guro ng paaralan at pamamaraan sa city hall, maaari kang sumangguni sa Sendai International Center. Maaari ka ring kumunsulta sa Ingles, Tsino, Koreano, Tagalog, Portuges, Vietnamese, at Nepali sa pamamagitan ng paggamit ng "Interpretation Support Telephone".

Counter ng konsultasyon: Matatagpuan sa Sentro sa Sari-saring Kultura ng Sendai (Sendai International Centre).

Telepono ng suporta ng tagapagsalin: 022-224-1919

Oras ng operasyon: 9:00~17:00 araw-araw (maliban sa araw ng pagsara ng Sendai International Center, 1~2 araw sa isang buwan)

OASIS Boluntaryong Tagapaglingkod

Para sa mga dayuhan na hindi nakakaintindi ng wikang Hapon at hindi pa sanay sa buhay sa Japan, Ang mga miyembro ng grupong mamamayan "Ang Asosasyon ng Suporta sa mga Dayuhan (OASIS)" ay tutulong sa iyo. Sa pagpunta sa paaralan o ward office ay maaaring tumulong sa pag-iinterpret. Gumagamit ng mga simpleng salita sa wikang Hapon, Ingles at Tsino sa pagta-translate.

Mag-apply sa: Sari-saring Kultura ng Sendai sa Sendai International Centre (Tel. 022-265-2471).

Asosasyon para sa Suporta ng mga Dayuhan (OASIS) HP: <http://samidare.jp/oasis/>

Summer vacation class para sa elementary at junior high school students na hindi wikang Hapon ang pangunahing salita

Ang mga bata na hindi nagsasalita ng wikang Hapon bilang isang katutubong wika ay mag-aaral nang sabay-sabay isang linggo sa isang taon sa panahon ng bakasyon ng tag-init.

Sinusuportahan ng mga boluntaryo ang wikang Hapon at pag-aaral sa paaralan.

Lugar: Aoba-ku Chuo Shimin Centre (2-1-4 Ichibancho, Aoba Ward, Sendai City)

Petsa: Naiiba sa bawat taon. Mangyaring makipag-ugnay sa Sendai Tourism International Association (Tel. 022-268-6260).

Patnubay na kurso para sa mga bata at mga magulang na hindi nagsasalita ng Hapon bilang kanilang pangunahing wika

Ang sesyon ng pagtatagubilin at isang pulong ng konsultasyon sa pagpunta sa mataas na paaralan ay gaganapin sa Sendai City isang beses sa isang taon. Ang mga superyor na estudyante na nag-aaral sa mataas na paaralan at mga guro ang sasagot sa mga katanungan.

Makipag-ugnayan sa: Sendai Tourism International Association (Tel. 022-268-6260) para sa petsa at lugar.

HP : <http://shinro-miyagi.jimdo.com/>